


Arts

Unang Markahan – Modyul 5: Pamumuhay ng Kulturang Pamayanan



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Pamumuhay ng Kulturang Pamayanan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Judith D. Abrigana	
Editor:	Marivic O. Arro, Armando Aguillon, Arcel W. Gacasan, Lynneth Baptista, May H. Zarate, Lorinda G. Ponferrada	
Tagasuri:	Aidena L. Nuesca, Ramon S. Gravino Jr., Myleen C. Robinos, Arvin B. Musong, Lea C. Manambay, Marlou B. Tamayo	
Tagaguhit:	Loureven John L. Drilon	
Tagalapat:	Cherry May A. Ramos, Alexis K. Cayamba, Christopher U. Gonzales	
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo	Reynante A. Solitario
	Mary Jeanne B. Aldeguer	Janwario E. Yamota
	Analiza C. Almazan	Djhoane C. Aguilar
	Ma. Cielo D. Estrada	Maria Perpetua Angelita G. Suelto
	Jeselyn B. dela Cuesta	Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 5:
Pamumuhay ng Kulturang
Pamayanan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat upang matulungang mahasa ang iyong kaalaman sa larangan ng sining at kulturang kinagisnan nating mga Pilipino. Malalaman mo rito ang iba't ibang paraan ng pamumuhay ng mga Pilipino na nagkakaisa sa pagdiriwang gaya ng pasasalamat sa mga biyayang nakamit.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. nailalarawan ang sariling pamayanang pamumuhay sa pamamagitan ng pagguhit (**A3PL-Ie**); at
2. napahahalagahan ang kulturang pamumuhay ng mga Pilipino.




1. Ang _____ ang matalik na kaibigan ng magsasaka sa bukid na tumutulong sa pag-aararo.
a. aso
b. kalabaw
c. kabayo
d. baka
2. Ang _____ ay isang kaugalian ng mga Pilipino na nagpapakita ng pagtutulungan, pagkakaisa at pagdadamayan.
a. katapangan
b. kasipagan
c. Pagkamalikhain
d. bayanihan
3. Si _____ ay isa sa mga kilalang pintor ng Pilipinas na may likha ng "Planting Rice".
a. Fernando Amorsolo
b. Carlos Francisco
c. Napoleon Abueva
d. Cesar Legaspi
4. Kapag ang isang pamayanan ay malapit sa dagat ang karamihan sa nakatira doon ay_____.
a. magsasaka
b. minero
c. mangingisda
d. manunulat
5. Ang bawat tao sa pamayanan ay may gawaing ginagampanan kaya't siya ay itinuturing na _____.
a. yamang gamit
b. yamang mineral
c. yamang tao
d. yamang pook

Aralin

1

Pamumuhay ng Kulturang Pamayanan

Ang paglalarawan ng kulturang pamayanang pamumuhay ng mga Pilipino ay nakabatay sa saganang likas na yaman na nasa isang pamayanan. Naihahalintulad din ang kultura ng isang pamayanan ayon sa paraan ng pamumuhay ng mga tao.



Patunay rito ang sinasabing pinakapopular sa lahat ng mga pinta ni Fernando Amorsolo, ang bantog na “Planting Rice”. Sa obrang ito, makikita na masayang nagtatanim ng palay ang mga magsasaka at hindi batid sa kanilang mga mukha ang pagod sa ilalim ng matinding sikat ng araw.



Balikan

Panuto: Tukuyin mula sa kahon ang pamumuhay ng pamayanan na ipinapakita sa bawat larawan. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

A. Pamayanang Komersyal


D. Pamayanang Industriyal

B. Pamayanang Minahan


E. Pamayanang Pangisdaan

C. Pamayanang Pansakahan

1.




4.




2.



5.



3.





Tuklasin

Pansinin ang larawan. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.



1. Anong klaseng trabaho ang makikita sa larawan?
2. Ano ang nararamdaman mo kapag nakakakita ka ng ganitong tanawin? Bakit?
3. Sakaling ikaw ay anak ng isang magsasaka, sa paanong paraan mo maipagmamalaki ang iyong mga magulang?
4. Gaano ka halaga ang magsasaka sa pamumuhay?
5. Paano nakatutulong ang pagsasaka sa pag-unland ng bansa?



Suriin


Maraming uri ng trabaho sa iba't ibang lugar ng ating bansa. Ang bawat lugar ay mayroong pangunahing mapagkukunang kita. Depende sa sitwasyong pantopograpiya, klima, at kultura nito. Gaya ng pangingisda, ang pamayanang ito ay kadalasang nasa tabi ng dagat o ilog. Ang pagsasaka, ito ay ang pagtatanim ng mga binhi at may aanihin sa darating na araw. Ang pag-oopisina ay pagtatrabaho sa isang kompanya na kadalasan ay tungkol sa ika-uunlad ng negosyo.

Ang pagtitinda ay isa ring pangkabuhayang pangnegosyo na mapagkakakitaan. Ang pagmimina naman ay isang proseso ng paghuhukay at pagkuha ng mga yamang mineral mula sa lupa.

Piliin ang sagot na nasa loob ng kahon kung anong uri ng pamumuhay ang ipinapahiwatig ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.


Pagsasaka	Pagmimina	Pagtitinda
Pangingisda	Pag-oopisina	

1. "Sariwa at presko ang mga isdang kinakain namin na laging nahuhuli ni Tatay Kardo sa ilog", sabi ni Karla.
2. Maagang umalis si Gng. Reyes upang hindi mahuli sa pinapasukang bangko.
3. "Ang paghuhukay at pagkuha ng yamang-mineral sa lupa ay napakadelikadong trabaho", sabi ni Mang Andoy.
4. Masaya ang Pamilya Dela Cruz dahil malapit na ang anihan ng palay sa kanilang bukirin.
5. Naglalako ng gulay si Linda sa aming lugar tuwing Biyernes.



Pagyamanin

Ang bayanihan ay kusang loob na pagtulong ng walang anumang kapalit.



Sa panahon ng Kastila, ang bayanihan ay inilalarawan bilang ang paglilipat ng bahay na bubuhatin ng mga kalalakihan at kasabay ng pag-aawit upang di gaano madama ang kabigatan nito. Isa ito sa mga tradisyonal na kaugalian ng mga Pilipino upang ipakita ang pagkakaisa at pagtutulongan.

Hindi pa rin nawawala ang kaugaliang ito sa ngayon gaya ng may masiraang sasakyan, maaaring magtutulongan sa pagtutulak upang mapaandar ito. Maraming paraan upang tayo'y makatulong sa kapwa maliit man o malaki. Ang taong taos pusong tumutulong sa kapwa ay siyang may malasakit at dangal.

Gawain: Isulat sa iyong sagutang papel ang tsek (✓) kung ang pangungusap ay naglalahad ng pagtulong at ekis (X) kung hindi. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

- _____ 1. Panahon ng magnakaw kung may pangyayaring sunog.
- _____ 2. Nagbibigay donasyon sa mga nasalanta sa bagyo.
- _____ 3. Nakakataba ng puso ang taos pusong pagtulong.
- _____ 4. Humingi ng bayad o suhol sa pagtulong.
- _____ 5. Ipinagdarasal ang mga nagiging biktima ng lindol.



Isaisip

Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang salitang **Tama** kung ang isinasaad ng pangungusap ay wasto at **Mali** kung hindi. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

- _____ 1. Bawat mamamayan ay mahalaga sa lipunan.
- _____ 2. Ang lahat ng pamayanan ay magkapareho ang kulturang pamumuhay.
- _____ 3. Ang bawat yamang tao sa pamayanan ay nakasisira sa bansa.
- _____ 4. Ang marangal na pamumuhay ay huwag ikahiya dahil nakatutulong ito sa lipunan.
- _____ 5. Madaling mailarawan ang pamumuhay ng kulturang pamayanan kung alam mo ang trabaho ng mga naninirahan dito.



Isagawa

Panuto: Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng masaganang kulturang pamumuhay ng sariling pamayanan. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Gamiting gabay ang rubrik sa ibaba. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

Mga Pamantayan	Puntos
Naiguhit nang wasto ang kinabibilangang pamayanang pamumuhay?	
Maayos ang pagkakulay.	
Malinis ang pagkakaguhit.	

Panukatan: 5 – Pinakamahusay; 4 – Napakahusay; 3 – Mahusay;
2– Katamtamang husay at 1-Kailangang paunlarin



Tayahin

Panuto: Piliin at isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

1. Dala-dala'y lambat, minsá'y sumisisid. Kami ay _____.
 - a. mangangaso
 - b. mangingisda
 - c. minero
 - d. magsasaka
2. Ano ang pinakapopular na pinta ni Fernando Amorsolo na naglalarawan ng kulturang pamayanang pamumuhay?
 - a. Planting Corn
 - b. Planting Rice
 - c. Planting Fruits
 - d. Planting Seeds
3. Bakit mahalagang alamin ang kulturang pamayanang pamumuhay?
 - a. Mahalaga ito dahil kinakailangan sa lipunan.
 - b. Mahalaga ito upang malaman ang estado ng buhay.
 - c. Mahalaga ito upang ikumpara ang sarili sa ibang tao.
 - d. Mahalaga ito dahil dito makikita ang ugali ng kulturang Pilipino ayon sa kanilang pamumuhay.
4. Bakit kailangan nating ibahagi ang talento sa iba gaya ng pagpipinta?
 - a. Mahalaga ito upang maipagmalaki ko ang aking sarili at ipakita na marunong ako sa lahat ng bagay.
 - b. Mahalaga ito para maging tanyag ako sa aming lugar na ako'y marunong sa larangan ng pagpipinta.
 - c. Mahalaga ito upang makatulong sa kapwa na mas pagbutihin ang ginagawa nila at maging inspirasyon.
 - d. Mahalaga ito para matalbugan ko ang ibang pintor.

5. Kung karamihan sa iyong pamayanan ay magsasaka, ikahihiya mo ba sila?
- Oo, dahil madungis sila tingnan.
 - Oo, dahil hindi ko pinangarap na maging magsasaka.
 - Hindi, dahil wala silang halaga.
 - Hindi, dahil isa sa pinakamahalagang tao sa lipunan ang mga magsasaka. Kung walang magsasaka wala tayong kakainin.



Karagdagang Gawain

Gawain 1: Iguhit ang hugis puso  kapag tama ang ipinakitang pagpapahalaga sa pamumuhay ng kulturang pamayanan at hugis tatsulok  naman kapag hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- Pinagtatawanan ang pamumuhay ng isang magsasaka.
- Ang pagiging isang tindero ng gulay ay isang marangal na trabaho.
- Anumang produkto ng iba't ibang pamumuhay ay dapat tangkilikin at pahalagahan.
- Ikinahihiya ni Mark ang kanyang Kuya Arnel na minero dahil madungis.
- Mahal ni Linda ang kanyang Tatay Luis na mangingisda.

Gawain 2: Ilarawan mo sa pamamagitan ng isang pinta ang pamumuhay ng kulturang pamayanan ng iyong karatig na lalawigan. Gamitin mo ang rubrik sa isasagawa upang bigyang puntos ang iyong likhang-guhit.



Susi sa Pagwawasto

Isaisip 1. tama 2. mali 3. mali 4. tama 5. tama Tayahin 1. b 2. b 3. d 4. c 5. d Karagdagang Gawain 1: 1. 2. 3. 4. 5. 6. Gawain 2: Nababata ang iskor sa rubriks.	Suriin 1. Panglingisda 2. Pag-oopisna 3. Pagmimina 4. Pagasaka 5. Pagtitinda Pagpamamin 1. X 2. ✓ 3. ✓ 4. X 5. ✓ Isagawa Nababata ang iskor sa rubriks.	Subukin 1. b 2. d 3. a 4. c 5. c Balikan 1. B 2. A 3. E 4. C 5. D Tuklasin 1. Pagasaka 2. Masaya, dahil maihaahintulad ko sila sa aking pamilya. (Maging magkakalaba ang sagot dahil ito ay opinion sa positibong pananaw.) 3. Hindi ko sila ikahihiya sa aking mga kaibigan. (Maging magkakalaba ang sagot dahil ito ay opinion sa positibong pananaw.) 4. Napakahalaga ang magasaka dahil sila ang nagbibigay produkto upang tayo ay may makain sa araw-araw. 5. Nakakatulong sila sa
---	--	--

Sanggunian

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph